

<b>SUBJECT : <u>Automatic Coverage of Solo Parents and their Children or Dependents to the National Health Insurance Program (NHIP)</u></b>	
<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
1. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular No. 2024-0020?	Itinatakda ng Circular ang mga alituntunin at patakaran ng automatic coverage ng mga Solo Parents at ng kanilang dependents sa National Health Insurance Program (NHIP), na pinapamahalaan ng PhilHealth, alinsunod sa Republic Act No. 11861, o ang “ <i>Expanded Solo Parents Welfare Act</i> ”, at ng RA 7875 (NHIP Act), as amended ng RA 11223 (UHC Act).
2. Sino ang saklaw ng polisiya?	Lahat ng SOLO PARENTS na Pilipino at kanilang mga anak o dependents na nakarehistro sa Solo Parent Office (SPO) o Solo Parent Division ng Lungsod o Munisipyo.
3. Paano magpaparehistro sa PhilHealth ang solo parents?	<p>Dalawang paraan ng pagpaparehistro:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. WALK-IN Isumite ang mga sumusunod na dokumento sa alinmang PhilHealth office. <ol style="list-style-type: none"> <li>a) Sa PhilHealth Member Registration Form (PMRF) <ul style="list-style-type: none"> <li>• PART IV. MEMBER TYPE ng INDIRECT CONTRIBUTOR. Isulat ang “SOLO PARENT” at ang “Solo Parent Identification Card (SPIC) Number”; at</li> </ul> </li> <li>b) Photocopy ng harapan at likod ng SPIC.</li> </ol> </li> <li>2. AUTOMATIC ENROLLMENT Sa pamamagitan ng data-sharing agreement, ang mga nakarehistrong solo parents sa Central Database ng DSWD o ng Municipal/City/Provincial Social Welfare and Development Office ay awtomatikong marerehistro sa PhilHealth.</li> </ol>
4. Sino ang pwedeng ideklarang dependent ng solo parents?	<p>Anak na edad 22 years old pababa, walang trabaho, walang asawa, nakatira, at umaasa sa solo parent.</p> <p>Kung higit sa 22 taong gulang na ang anak ngunit mayroong permanenteng kapansanan (person with disability – PWD), pwede siyang i-enroll bilang PhilHealth member sa ilalim PWD Program ng PhilHealth.</p>
5. Magbabayad pa ba ng premium contribution ang solo parents?	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Alinsunod sa R.A. No. 11861, ipagbabayad ng National Government ang kontribusyon ng mga solo parents sa PhilHealth.</li> <li>• Subalit, ang premium kontribusyon ng mga solo parents na kasalukuyang may trabaho ay paghahatian ng kanilang employer at National Government.</li> </ul>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Batay sa Article XV, Section 57 ng Revised Implementing Rules and Regulations ng nasabing batas, bibigyan ng 6 na buwan hanggang 1 taon ang DILG, LGUs, at DBM para tukuyin ang mga pagkukunan ng pondo at magtatag ng mekanismo para sa alokasyon at pamamahagi ng karagdagang benepisyo ng mga solo parents.</li> <li>• Bukod dito, nakasaad sa Sec. 10 ng Universal Health Care Act, ang premium subsidy ng solo parents ay dapat unti-unting iakma at isama taun-taon sa General Appropriation Act (GAA).</li> </ul> <p>Hanggang magkaroon ng karampatang budget o appropriations sa GAA para sa premium contributions, ang personal share ng mga empleyadong solo parent ay kanya pa ring babayaran.</p>
<p>6. Ano-ano ang mga benepisyo ng solo parents?</p>	<p>Agad nilang magagamit ang mga sumusunod batay sa Sec. 9 ng Republic Act No. 11223 at PhilHealth Circular No. 2022-0013:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Inpatient at Outpatient Benefits</li> <li>• Z Benefits</li> <li>• No Co-Payment/No Balance Billing</li> <li>• Konsultasyong Sulit at Tama o Konsulta</li> <li>• Sustainable Development Goal (SDG) Related Benefits tulad ng benefit packages para sa HIV/AIDS, animal bite treatment, maternity care package, at iba pa.</li> </ul>